


SINASAMPALATAYANAN

MO BAGA ITO?

 At bago tayo manalangin, nais ko po sanang sabihin ito, na nung isang gabi, sa palagay ko'y kagabi nga, sinabi ko sa isang binibini, “Kung gagawin mo lang nang eksakto ang iniutos sa ating gawin, ang mangyayari nga’y . . . ’yung sanggol na ’yun na may tubig sa loob ng kanyang ulo, liliit ’yun.” At ’yung ulo nga nung sanggol ay lumiit, kagabi, nasa kalahating pulgada nung sukatin sa pisi. Kaya heto nga’t dinala ng binibini ang pisi na ’yun ngayon dito.

² Ngayon, ang dahilan kung bakit ginawa ko ’yun, kapatid, ay para sa isang kadahilanan. Kita n’yo? Kung may makikita kasi kayong isang bagay na hayan talaga’t kitang-kita mong nangyari, palalakasin nun ang inyong pananampalataya para tuluy-tuloy na manampalataya dun. Minsan talagang ginagawa ko ’yung ganun na, kunwari, gaya ng sasabihin ko sa isang tao na tumayo siya, lumakad ng isang hakbang o dalawa, igalaw mo ang kamay mo, pagalawin mo ang daliri mo, o anumang puwede nilang gawin na kaiba, para lang makita nila na talagang maayos na ang lahat. Kakabahan nga sila at iisipin nilang baka di ’yun mangyayari, pero nangyayari nga sa lahat ng pagkakataon. Kita n’yo? Talagang nangyayari.

³ Ilan po rito ang nais na maalaala sa panalangin, ngayon? Maaari n’yo po bang itaas ang inyong mga kamay at sabihin, “Panginoon, maipagkaloob nawa”? Atin ngang iyuko ang ating mga ulo ngayon.

⁴ Panginoon, habang napapakinggan namin ang kaydakila’t lumang pansimbahang himnong ito, na isinulat ng minamahal kong kapatid, na si Paul Rader, “Only Believe,” pinagbubulay po namin ngayon ’yung tungkol dun sa isang batang lalaki, na dinala ng tatay niya sa mga alagad, wala pang sampung araw ang nakakalipas noong pagkalooban sila ng kapamahalaan ni Jesus na magpalayas ng mga diyablo’t magpagaling ng mga may sakit, at heto sila’t lubos silang nadaig ng kaso na ’yun ng epilepsy. At nakita nila ang ating Panginoon na dumarating. At ’yung tatay ay sumalubong at sabi, “Panginoon, mahabag Ka sa amin. Ang aking anak ay lubhang pinahihirapan nang sari-sari nung diyablo. Siya’y dinala ko po sa Iyong mga alagad at hindi nila siya mapagaling.”

⁵ Sabi ni Jesus, “Aking magagawa, kung mananampalataya ka. Manampalataya ka lamang.” Oh Diyos, tunay ngang hindi Ka kailanman nagbago kahit katiting mula noon: Ikaw pa rin

talaga 'yang mapagmahal, masintahin, at mahabaging Diyos na 'yun. Kung ano Ka noon, ay 'yan Ka pa rin mapasa hanggang ngayon. At Panginoon, gaya nung tatay na 'yun, kaming lahat ay humihibik, "Panginoon, Iyo pong saklolohan kami sa aming di pagsampalataya." Napakasimple po; pero kami lang talaga'y nagpapahapay-hapay dun, Ama.

⁶ Nais po naming alayan Ka ng pasasalamat at papuri dahil sa paghipo sa munting sanggol na 'yun kagabi, nasaksihan nga namin 'yung pinaka bungo, na nakalobo talaga, na, 'yung buto nun ay sagad-sagaran na, pero lumiit nang kalahating pulgada kagabi. Kami nga'y lubos na nagpapasalamat dahil dun, Ama. Sa panahon po na batid naming ang mga doktor nami'y walang pagsasaliksik tungkol dun, na wala silang magawa na remedyo para dun; ngunit Ikaw ay nananatiling Diyos, ang Panginoon sa lahat ng anumang kalagayan. Pinasasalamatan Ka po namin Ama. Pinasasalamatan Ka po namin dahil sa katapatang-loob ng nanay na ito, at pagiging malugod niya, at sa pagtalima niya na makabalik dito dala-dala ang pising 'yun at maidikit 'yun sa kapirasong papel, dito, upang maipakita sa publiko ang patotoo niya sa ikaluluwalhati ng Diyos. Nawa'y ang kanyang munting sanggol ay mabuhay at lumaking normal na bata, para sa Iyo pong kaluwalhatian.

⁷ Iyo pong pagmasdan ang mga kamay na nagsipagtaas dito, Ama. Bawat isa sa kanila'y may pangangailangan. Maging ang aking kamay ay nakataas, din, Ama, ako'y nangangailangan din. At marami rin po rito, sa pamamagitan ng liham o sa mga nakalagay rito sa may kahon, na nangangailangan, mga tao na mabigat talaga ang pangangailangan. Iyo pong papangyarihin, Panginoon, na ang bawat isa'y matanggap nila ang hinihiling nila sa gabing ito. Nawa'y panghawakan nila ang patotoo ng nanay na ito rito at gawin 'yung halimbawa na anuman ang Iyo pong salitain, ito'y tapos na. Ito'y . . . Iyong . . . Ang kailangan na lang naming gawin ay tanggapin ito at papaging gayon na nga. Ito'y tapos nang gawa.

⁸ Iyo pong ipagkaloob, Panginoon, na ang bawat liham dito at mga panyo rito, bawat tao na para sa kanila'y pinapatungan, sila nawa'y magsigaling. Bawat isang nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, Ama, nawa'y matanggap po nila ang minimithi ng kanilang puso . . . Amin itong hinihiling, sa Pangalan ni Jesus. Amen. Maaari na po kayong makaupo.

⁹ Gusto ko pong ipakita sa inyo rito 'yung pisi, na dinala ng binibini . . .Heto po 'yun. Um-hum. Talaga ngang lumiit 'yung ulo nung munting sanggol gaya ng ipinangako ng Panginoon sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo kagabi. Hindi ba't kamangha-mangha talaga Siya? Anupa't, napagkalooban tayo ng sobra-sobrang alab na makasampalataya at manalig.

¹⁰ Ngayon, noong sabihin ni Jesus sa punongkahoy roon, sa Marcos 11:23, “Sinumang tao’y hindi na kakain mula sa iyo mula ngayon,” marahil hindi nga Siya noon sumigaw. Aba’y, kung tutuusin nga, kalmadong-kalmado ang pagkakasabi Niya nun, na halos ’yung mga alagad Niya. . . Isa lang yata sa kanila ang nakarinig sa Kanya. At nung. . . Nung ’yung batang ’yun na may epilepsy, nung maidulog siya sa harapan ng Panginoong Jesus, ’yung batang ’yun marahil ay inatake ng pinaka matindi nang pangingingin na naranasan niya; siguro’y, nasubasob pa sa lupa na parang patay na, pero napagtanto nung tatay na ang nakatagpo niya’y Siya Na nagtataglay ng pananampalatayang higit na mataas kaysa sa mga alagad.

¹¹ Ngayon, nais kong pagtuunan itong maigi ng sinumang di naniniwala sa Makalangit na Pagpapagaling. Binigyan nga sila ni Jesus ng kapamahalaan na magpalayas ng mga espiritu, at nabigo sila. Hindi dahil bigo ang kapamahalaan, bagkus sila mismo ang nabigo. Sinabi sa kanila ni Jesus:

“Bakit baga hindi namin napalabas yaon?”

Ang sabi Niya, “dahil sa kakauntian ng inyong pananampalataya.”

¹² Ang iglesya’y nagtataglay pa rin naman ng kapamahalaan. Hindi binawi ng Diyos ang Kanyang kapamahalaan sa iglesya, subalit nagkulang lang talaga sa pananampalataya ang iglesya para papaging gayon nga. Ganoon lang. Ganoon lang kasimple. Ginagawa lang nating komplikado ito kung minsan, pero kung magagawa lang natin sanang mas simple ang Ebanghelyo, mas marami tayong makakamit na realidad, kung makalalagi tayo sa kasimplehan nito: anumang sabihin ng Diyos; ’yun na ’yun; at ganoon na ’yun. At sampalatayanan mo lang, sige po.

¹³ Nung sabihin ni Jesus na, “Sinumang tao’y hindi na kakain mula sa iyo,” haya’t, naglalakihan at naglulusugan naman ang mga dahon nun gaya dati. Maging ’yung balat nung kahoy ay ganun pa rin naman ang itsura, pero dun sa kalaliman sa ilalim nung lupa sa mga ugat, unti-unting nawawala ang buhay.

¹⁴ Kaya ganun din ito sa kanser, sa kahit anong sakit na—na nais mong isipin. Kung matatanggap mo lamang ang Salita ng Diyos, dun sa kalaliman sa ilalim ng mga ugat, oo’t nariyan pa rin marahil ang kanser; ang mga kamay mo’y naninigas pa rin. Wala ’yang kinalaman sa Makalangit na Pagpapagaling. Ito’y sa, “Kung makasampalataya ka.” Kita n’yo? May kung saang dako saanman, na napangyari na ito.

¹⁵ Sinabi ni Jesus, “Kung inyong sasabihin sa bundok na ito, ‘Maalis ka,’ at hindi mag-alinlangan sa inyong puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi ninyo, ay kakamtin ninyo ang sinabi ninyo.” Hindi ba’t napaka ganda nito? Kanino ’yun nanggaling? Sa Anak ng Diyos mismo, Na ang Salita’y. . .

Kalangitan at lupa ay lilipas, datapwat ngayon—datapwat ang Kanyang Salita ay hindi lilipas.

¹⁶ Ngayon, ang tanging paraan lang para magawa mo 'yun, ay kinakailangan ngang taglay mo ang tamang layunin at tamang motibo. Ngayon, kung lumabas ako rito't magsabi, "Ipapakita ko sa inyo na kaya kong paalisin ang bundok na ito, 'Umalis ka, bundok.'" Hindi nga 'yun aalis. Talagang hindi. Kahit ano pang taglay ko sa akin. Ang kinakailangan kasi'y. . . Unang-una kinakailangan kong hanapin ang kalooban ng Diyos.

¹⁷ Yan ang dahilan kung bakit, dito sa pila sa pananalangin madalas, ako'y—ako'y nahihirapan, dahil nga may kung anong bagay na nandun sa mga pila at kung anu-ano pa, at susuyurin n'yo nga dapat ang mga 'yun dun. Pero kita n'yo nga, kung may pagkakasala kasi kayong hindi naipagtapat. . . Napansin n'yo ba dun sa pagkakataong 'yun, noong bago ko palayasin 'yung masamang espiritu? Tiningnan kong maigi ang taong 'yun para makasigurado na walang kahit anong bagay dun sa buhay niya na magiging hadlang, kita n'yo, kasi tandaan n'yo po, sa mga kaloob na ito, maaari kang malagay sa masasalimuot na bagay rito.

¹⁸ Ang Diyos, naalala n'yo ba nung isang beses, nagbigay ng propeta. . . may lalaking ginawang propeta, ito ngang si Moises, at inutusan siyang pumaroon, magsalita dun sa bato. At galit na galit nga 'yung propeta noon, at lumapit dun, at hinampas 'yung bato, na pumapatungkol sa kahinaan ni Cristo, na Siya'y pinapatay pa sa ikalawang pagkakataon o hinahampas pa sa ikalawang pagkakataon. May kapamahalaan ang propeta na gawin 'yun, pero hindi 'yun ang kalooban ng Diyos.

¹⁹ Hindi nga ako maniniwala na kalooban 'yun ng Diyos na si Elias ay babaling pa, dahil sa tinutukso siyang kalbo nung mga bata, sa tingin ko'y hindi na niya dapat ginawa 'yun. Subalit isa nga siyang propeta, at nagalit nga siya, at sinumpa niya ang mga batang 'yun at kaya nilapa tuloy ng dalawang inahing oso ang apatnapu't dalawang bata na walang kamuwang-muwang. Kita n'yo? Pero di nga ako naniniwalang kailangan pa niyang gawin 'yung ganun. At kaya naman—kaya naman. . . tayo. . .

²⁰ Ang Diyos, naniniwala nga ako ngayon, bago Niya ilagay ang Kanyang iglesya sa kapamahalaan, sinusubok Niya muna ang Kanyang iglesya upang makita kung ano kayang gagawin nito.

²¹ Tayo. . . sa susunod, marahil, kung loloobin ng Panginoon pagbalik ko, marami tayong oras para pag-usapan ang bagay na gaya n'yan, tungkol sa bagay na napipintong maganap, at sa oras na 'yan marami tayong malalaman tungkol diyan.

²² Pero kung masasambit n'yo lamang ang salita, sabihin n'yo, "Panginoon, sinasampalatayanan ko ito," huwag kayong mag-alinlangan, kailangang buong-buo 'yan sa puso n'yo. . .

23 Ngayon, sabihin nating, nasa isa raw akong lambak, at di ako . . . o ako pala'y nangangaral sa milyun-milyong katao, pero dun lang sa kabilang ibayo ng bundok, may grupo ng mga tao dun na nasa sandaan lang sila, at sila'y nangangamatay na lang na hindi nakikilala si Cristo. Buweno, may milyon ako rito na pinapangaralan ko, pero haya't, may kung anong Bagay sa loob ng puso ko na nangungusap sa akin, "Pumunta ka roon sa mga tao roon. Puntahan mo sila. Sila'y nangangamatay." Kung ako lang sa sarili ko'y hindi ko gustong pumunta roon, pero haya't may kung anong Bagay nga sa loob ko. Kita n'yo, ang Diyos nga 'yun, na kumikilos. Kailangan n'yo ngang tingnan kung ano 'yung layunin, tingnan kung anong motibo mo sa pagpunta roon, hindi lang 'yung para sa sarili lang. . . Ngayon, kung ang sasabihin ko naman, "Buweno. . ." Tama man ang layunin ko sa pagpunta ko roon, pero sa pagpunta ko na'y nakahambalang ang isang malaking bundok, sasabihin ko, "Alam n'yo, kung makakaalpas ako sa bundok na ito at maililigtas ko ang lahat ng sandaang naroon, balang araw ay tatayuan nila ako dun ng monumento: Kapatid na Branham, ang dakilang misyonero." Ngayon, hindi nga tama ang motibo ko. Hindi maguguho ang bundok. Hindi, nga.

24 Subalit kung ang motibo ko at layunin ay tama, at ang Diyos na narito sa puso ko'y pinangungunahan ako, at di ako makaalpas sa ibabaw ng bundok na 'yun, sa palibot ng bundok na 'yun, sa ilalim ng bundok na 'yun, sasabihin ko, "Bundok, maalis ka." Marahil nga. . . Kung sabihin ko na 'yun, at talaga namang sinasabi ko 'yun na may tamang espiritu ako, na may pangunguna ako ng Espiritu Santo, na nasa kalooban ng Diyos, maaari ngang walang gaanong mangyari liban sa napakaliit na sangkutsarang bahagi ng bundok na maguguho, pero patungo na rin dun. Marahil sa susunod na araw dalawang libra na ang maguguho. Sa susunod na araw ay sangkapat na tonelada na. At marahil sa loob ng isang buwan, nasa limang tonelada na ang maguguho. Ano 'yun? Di mo man makita pa, pero patungo na siya, patungo na roon. Mananatili ako roon at sasaksihan ko ang kaganapan ng bagay na 'yun, dahil Diyos ang nagsabi nun at 'yun na 'yun.

25 Kaya mo bang ganun din ang isipin mo para sa nanay mo sa gabing ito? Sige, kung iisipin mo 'yun, gagaling siya. Sige. Basta't sampalatayanan mo lamang: sambitin mo lamang ang salita't manatili dun. Kita n'yo? Sampalatayanan mo lamang; panghawakan mong mainam. Buhay na Walang Hanggan ito.

26 Ngayon, bukas ng hapon. . . Binilin ko kay Billy, ngayong gabi, na huwag munang mamigay ng prayer card, at gusto ko lamang mangusap. Sinasabi ko po sa inyo ang totoo, na tuluy-tuloy ang paghayo ko mula pa noong Enero, sa ibayong-dagat, at pabalik, sa Phoenix, doon sa amin, at pabalik, at talaga po namang. . . Sa espirituwal na pagkilala pa lamang po. . . Ako'y

latang-lata na't halos di ko na alam madalas kung saan baga ako nakatayo. Talagang pinahahapo ako nun nang husto.

²⁷ At pagkatapos dito, hahayo na naman po uli ako, at sila . . . kayo—kayo na mga kapatiran dito inanyayahan n'yo ako na makapanatili pa sana rito nang ilan pang mga araw. Lubos kong ikinatutuwa 'yan. Iniisip ko nga na tunay ngang kalugod-lugod ang grupo ng mga ministro rito. Kung maaari lang sana na magkaroon pa tayo ng kahit kaunti lang na panahon para magkasama-sama. Kung loobin ng Panginoon, babalik po ako sa susunod. Wala akong ibang gagawin, kundi bibisita sa isang simbahan at sa isa naman at lilibot sa buong siyudad para mabisita ko kayong lahat. Ikagagalak kong gawin 'yan: kahit anong bagay na magagawa ko para makatulong sa Kaharian ng Diyos, 'yan ay, kung ikalulugod n'yo pong gawin ko 'yun. At makabalik sana ako sa ibang panahon at makasama kayo sa amin at magkaroon ng maganda't, mainam na pagtitipon sa isang dako.

²⁸ At alalahanin n'yo, mga kapatid, ipapanalangin ko kayo. Sigurado 'yan. At nais ko ring ipanalangin n'yong lahat ako, lahat kayo.

²⁹ At ngayon ako—ako'y . . . bukas ng umaga ang gawain sa mga simbahan dito sa lahat ng iba't ibang mainam na iglesya rito sa buong siyudad.

³⁰ Ngayon, ang ilan pong mga grupo mula sa Jeffersonville ay narito. Ang ilan sa mga kaibigan ko, isa sa mga tagapangasiwa ko sa simbahan, ay narito, si Kapatid na Fred Sothmann. Hindi ko pa siya nakikita rito sa pagtitipon. At maging ang kapatid na . . . Oh, marami pang mga kaibigan ko na mula pa dun sa Jeffersonville, ang aking pina- . . . aking sekretarya dun at—at lahat sila'y narito, narito lang sila sa pagtitipon. Hindi ko pa nga lang sila nakikita.

³¹ At mga kapatid, mainam nga ang mga kaiglesyahan dito sa siyudad na ito. At sa lahat ng mga iba pang bisita, hanapin n'yo lang ang isa sa mga ito at dumalo kayo sa mga simbhang ito bukas. Makabubuti sa inyo ang pagdalo, sigurado po 'yan. Sila nga'y mga kapatid na nananampalataya sa ganitong klase ng pagmi-ministeryo. Yan ang dahilan kung bakit narito sila't nakaupo rito sa entablado at dito sa bandang baba rito, dahil sila nga'y sumasampalataya rito. At kinaluluguran ko ang mga kalalakihang ito.

³² Panginoon, Iyong pagpalain ang sangay rito ng Full Gospel Businessmen na—na nagtaguyod ng pagtitipon dito. Haya't . . . sa palagay ko'y sila nga, ang nagtaguyod ng pagtitipong ito. Pinupuntahan ko—ko sa tuwina ang mga tinataguyod nilang mga gawain, dahil dun sa kanila . . . Mangyari kasing di dapat tayo manatiling ganito, pero kadalasan kasi, may mga kaunti tayong pagkakaiba-iba, haya't ang isa ay naniniwalang ganito,

'yung isa nama'y sa ganito naman naniniwala. . . Nagkakaroon tuloy ng kaunting iringan at dating sugat na matagal nang sara dapat. Oras na para maghilom na ito, pero ito—ito. . . At kung inyong. . . kung maipapagawa ko sa Full Gospel Businessmen, mangyari ngang nakakatulong kahit papaano na pahilumin ito, at nagkakasama-sama tayo, at nagkakaroon tayo ng tunay na pagbubuklod-buklod na sama-sama tayo, talagang maiinam na panahon. At ikinalulugod natin 'yan. Ang Diyos ang magpala sa sangay na ito. Batid kong pinalitaw ito ng Diyos para sa layunin na 'yan.

³³ Ngayon. . . at pagkatapos nabigyan ako ng napakainam na pribilehiyo na makabisita sa lugar ni Kapatid na Oral Roberts nung isang araw. At siyanga, napakalaki ng lugar, ang ganda talaga ng dako. Isa—isa 'yung bantayog para sa Pentecostes.

³⁴ Pagkatapos pumunta naman ako kina Kapatid na Tommy Osborn, isang kahanga-hangang lugar din, kahanga-hangang tao ng Diyos, na. . . kami ni Kapatid na Osborn at ako ay sadya namang malapit sa isa't isa, at maging si Kapatid na Oral, din, sadyang malapit kong mga kapatid, at mahal namin ang isa't isa, at ginagawa namin ang pinaka mainam naming magagawa para sa ikabubuti ng mga tao sa Kaharian ng Diyos.

³⁵ Kaya tunay na ikinalulugod ko na nakapunta sila na mga kalalakihan dito sa siyudad kasama ng iba pang makikisig na kalalakihan na mayroon kayo rito. Kayo po na mga tupa ay talaga namang may kahanga-hangang mga pastol. Hayan nga't, gusto kong sabihin ito nang ganyan. Nawa'y ang Panginoon ay patuloy na sumainyong lahat at 'yan nga ang dalangin ko. At ngayon bukas ng hapon, ako'y. . . Anong oras uli magsisimula ang gawain, kapatid? Alas dos y media. Kaya mga ala—ala una o ala una y media ay dapat nandito na kayo para di makaabala sa iba pang bahagi ng mga gawain.

³⁶ Ngayon, kung di pa ito nababanggit sa inyo ng mga binata, mamayang gabi may mga libro sila, litrato at iba pa, at mga teyp, at mga rekord, at. . . ng mga pagtitipon, at binebenta nila ang mga ito. Pero hindi namin sila pagbebentahin sa Sabbath, bukas. Walang ibebentang libro o kahit anumang bukas. Haya't di namin. . . di namin talaga sila mapapayagan kapag ganun. Gayong marami ang nagsabi, “Mali ka naman diyan. . .”

³⁷ At si tandang Daddy Bosworth lagi niyang sinasabi sa akin noon, “Oh, Kapatid na Branham, mali ka riyan,” pero 'yun po talaga kasi ang nadarama ko (Kita n'yo?), at sa—sa akin lamang po. Kung gusto n'yo pong makakuha, bibigyan po nila kayo, pero kung. . . Pero hindi talaga kami nagbebenta kapag—kapag Sabbath. Hindi. Yun po talaga. At kung 'yun ang paniwala ko, ibig sabihin kailangan kong ipamuhay 'yun, kaya. . . Kailangan kong ipamuhay 'yun mismo. Kita n'yo? At kailangan kong—kailangan kong ipamuhay kung ano ang pinaniniwalaan ko at

kaya. . . O puwede rin naman kayong magpapunta na lang sa bahay, at, pupunta dun sa bahay, dun po sa dakong 'yun at kunin 'yun.

³⁸ Ngayong gabi, oh, ating kalimutan muna lahat muna 'yan, 'yang mga trabaho na kailangan pa nating tapusin, o anumang iba pa, o mga kailangang asikasuhin sa araw na ito. Atin pong isantabi ang lahat ng anumang bagay, at tumuon sa Salita nang ilang minuto, at tumingin sa sasabihin ng Diyos sa atin sa pamamagitan nitong Kanyang Salita. At idinadalangin ko na nawa'y pagkalooban nga tayo ng Diyos ng higit na dakilang pagpapala sa gabing ito.

³⁹ Gene, kidnapin mo nga 'yang maliit na batang 'yan para sa akin? Kidnapin mo nga siya para sa akin? Hindi po ba't talaga namang nakakatuwa't nakakaaliw siyang bata? Gusto mo bang sumama sa akin pauwi at makipaglaro sa bulinggit kong anak na si Sarah, ganito rin siyang kalaki? Oh, gusto mo? Gusto ko—gusto ko na makapunta ka. Kasing laki mo rin siya, at talagang mahal na mahal siya ni Daddy. Um-hum. Hum. At sa tingin ko mahal na mahal mo—mo rin ang Daddy mo, diba? Si Mommy? Oh, siyempre naman. Nakakatuwa na munting batang babae, nandito ako, tinitingnan ko siya. Yung maliliit niyang mata'y parang sunog na mga butas sa kumot at—at kulay tsokolate ang buhok niya.

⁴⁰ Talaga pong magiliw ako sa maliliit na bata. May dalawa akong maliliit na anak na babae sa bahay. Ang isa sa kanila'y si Rebekah at 'yung isa nama'y si Sarah.

⁴¹ Nandito ako minsan, lumuwas ako. Pareho nilang mahal na mahal ni Daddy, alam n'yo po, at mahal na mahal ko sila. At sa tuwing uuwi ako ay pinasasampa ko sila sa likod ko, at. . . 'yun nga lang lumalaki na si Becky para ipasan ko pa; halos kasing laki ko na siya. Mababali na niya ang likod ko kung tutuusin; siya'y. . . gayumpaman siya'y mananatiling munting dalagita ni Daddy, pa rin. At ngayon, marahil sa susunod na taon, gusto nga namin siyang ipasok sa isang Bible school sa isang dako at palipatin mula sa public school.

⁴² At hayan nga, hinihintay nila si Daddy nila, alam n'yo, na makauwi. Matagal-tagal na rin akong nasa mga pagtitipon. At bukas ng gabi maghihintay na naman uli sila ng hating-gabi hanggang sa makabalik ako. At kaya, nandun na ako nang maaga, mga alas tres o alas kuwatro pa lang. At pagbubuksan ako ng mommy nila ng pinto at patutuluyin ako, at talagang pagod na pagod ako n'yan at hapong-hapo, ako'y. . . Dito sa entablado, ako'y. . . kapag. . . naroon pa 'yung pahid sa akin ay mainam ang pakiramdam ko, pero kapag umalis na 'yun sa iyo, diyan ka nagkakaproblema. Ilan po rito ang nakakaalam nun? Siyanga, ganun 'yun.

43 Tingnan n'yo po. Si Elias noong umakyat siya ng bundok at nagpababa ng apoy galing sa langit, nagpababa ng ulan galing sa langit, at pagkatapos nung umalis na sa kanya ang Espiritu, nagpalaboy-laboy siya dun sa ilang nang apatnapung araw at natagpuan siya ng Diyos, na nagtatago sa loob ng kuweba sa isang dako.

44 Si Jonas, nilulon siya at nanatiling buhay sa loob ng tiyan ng balyena sa loob ng tatlong araw at gabi, iniluwa siya dun sa may pampang at humayo siya't nangaral. Nagsisi ang buong siyudad at dumulog sila sa Diyos. At nung umalis na sa kanya 'yung pahid, umakyat siya sa ibabaw ng isang burol at hiniling niya sa Diyos na kunin na ang buhay niya. Kita n'yo?

45 Tumayo ako minsan sa tabi ng libingan ni William Cowper, di pa gaanong katagalan, 'yung sumulat ng kilalang himno na 'yun na ginagamit natin sa gawain natin ng komunyon:

May isang Bukal na puno ng Dugo,
Na mula sa mga ugat ni Emmanuel tumutulo,
Mga makasalana'y lumulubog sa agos ng
dugo. . .

46 Narinig n'yo na ba kung ano. . . anong nangyari sa kanya? Matapos na umalis sa kanya 'yung inspirasyon na isulat 'yun, naghanap siya ng ilog para magpakamatay.

47 Nakatira lang ako't kapitbahay lang halos nung lumang Kentucky Home. At si Stephen Foster nga'y nakapag-ambag sa Amerika ng pinaka pamoso nitong mga awiting folk. At sa tuwina na susulat siya, lulukuban siya ng inspirasyon, dun sa inspirasyon na 'yun, makapagsusulat siya ng awitin, at kapag wala na 'yun sa kanya, lalabas siya't maglalasing. Di naglaon, tinawag niya 'yung isang utusan dun at pinakuha ng labaha at nagpakamatay.

48 Di nga batid ng maraming tao ang pinagdaraan ng mga taong gaya nila na lumalagi sa espirituwal na dako. Ngayon dito nga, pakiramdam mo'y para bang magagawa mong ilipat ang isang bundok, pero kapag wala na sa iyo ang pahid na 'yun, at lalabas ka na sa may pinto riyan. . . Kung walang taong aalalay sa'yo dun. . . Kita n'yo? At pagkatapos, siguro matapos ang ilang oras halos, di mo na alam kung nasaan ka. At gabi-gabi 'yan, nauubos talaga ang lakas mo.

49 At ang munting. . . May gusto sana ako sa inyong ikuwento tungkol kina munting Sarah at Rebekah. Haya't nung sumunod na umaga, hindi ako makatulog, at kaya bumangon ako, umupo ako sa isang silya, at pagkatapos nun si Becky, palibhasa'y siya ang mas matanda, mas—mas mahahaba ang binti niya kaysa dun kay Sarah, at kaya tumakbo papalapit sa akin si Becky. . . nagising siya noon, bumaba ng kama, ingat na di magising ang maliit niyang kapatid, at heto na siya sa buong bahay, talagang todo takbo. Sabi niya, "Daddy, Daddy. . ." Inilabas ko 'yung

binti ko, at sumampa siya dun, balanseng-balanse talaga siya dun. Kumbaga sa—sa mga modernong iglesya, alam n’yo, nasa larangan na nang matagal na panahon, alam n’yo, daan-daang taon na ring namamayagpag. Nababalanse niya talaga nang husto ang sarili niya dun, at niyakap niya ako’t ang sabi, “Oh, Daddy ko, Daddy ko. . .”

⁵⁰ At si munting Sarah nga, dahil sa ingay, nagising. Buweno, hindi ko alam kung ganun din ito sa mga anak n’yo; sa akin kasi ganun: Yung mga nakababatang kapatid ay napupunta sa kanila ’yung pinaglumaang damit ng ate nila. At mangyari nga na suot noon ni Sarah ang pajama ni Becky, ganito lang halos ang haba ng paa niya, alam n’yo. At heto na siyang papalapit, napakaliit niya, patumba-tumba, nadadapa. At nung makaabot siya dun, medyo huli na. Kaya si Becky bumaling siya, sabi, “Sarah, kapatid ko, may gusto akong sabihin sa’yo.” Sabi niya, “Nauna kasi ako rito. At ako lang ang puwede rito. Kaya solo ko dapat si Daddy at walang para sa’yo.”

⁵¹ Ganoon nga minsan ang iniisip ng tao tungkol sa relihiyon, di po ba? Uh-huh. Ganoon nga.

⁵² At ang kawawang bulinggit na si Sarah, sumimangot ’yung nguso niya, at ’yung maiitim niyang mga mata ay tumingin sa akin, at bigla na lang siyang umiyak. At si Becky ’yung pisngi niya’y nakalapat sa pisngi ko, yakap na yakap siya sa akin. Mahal na mahal ko siya. At si Sarah papalakad na palayo dahil solong-solo ni Becky si Daddy. Inusli ko ’yung isa kong tuhod nang *paganito* at sinenyasan ko siya nang *paganoon*. Oh, dali-dali siyang ginanahan at tumakbo papalapit, sumampa siya sa tuhod ko tapos. . . Batang-bata pa nga siya at ’yung mga binti niya’y di man lang makasayad sa sahig. Medyo patumba-tumba siya (marahil, parang ako rin, na medyo patumba-tumba, alam n’yo), at di niya. . . di niya maabot ’yung sahig. Hindi siya isang malaking denominasyon, alam n’yo, at kaya hindi niya maabot ’yung solidong sahig. Batang-bata pa kasi siya.

⁵³ At pagkatapos, halos mahulog-hulog na nga siya, at kaya niyakap ko siya sa dalawa kong bisig nang *paganito* at nilapit ko siya sa akin, at kumislap ’yung maliliit niyang itim na mata, at sumulyap kay Rebekah. Sabi niya, “Rebekah, ate ko,” sabi—sabi niya, “siguro totoo nga na solo mo lahat si Daddy, pero gusto kong malaman mo ang isang bagay, solo ako lahat ni Daddy.” Kaya. . .

⁵⁴ Haya’t. . . ang lahat ngang ako’y solo Niya talaga. Marahil wala man akong mataas na pinag-aralan para makapagpatayo ng naglalakihang mga bagay, basta’t batid ko na nasa Kanya ang lahat kong ako, patumba-tumba man ako, basta’t nasa mga bisig Niya ako, ako’y magiging panatag.

⁵⁵ Buweno, dumulog po uli tayo ng maikling panalangin sa Kanya bago natin buksan ang Salita.

⁵⁶ Ngayon, Makalangit na Ama, napagtatanto po naming gaya rin kami sa mga maliliit na bata. At—at Ika'y nalulugod po na makasama kami, at sumamba kasama kami. At habang kami'y sumasamba sa Iyo, at Iyong minamahal kami, at niyayakap sa Iyong mga bisig, at nagpapadala ng Iyong Espiritu Santo, at pinababatid sa amin na Ika'y buhay at Ika'y ang aming Ama, kami nga'y nagpapasalamat sa Iyo nang lubos-lubos. Ngayon po, maitulot nawa na ang Espiritu Santo'y pumarito sa amin sa gabing ito. Iyong kaluguran po ang bawat puso, Panginoon. Iyo pong pagkalooban kami ng sariwang pagpapala. Iyong ibuhos ang patak ng hamog ng habag sa amin, Ama. Iyo nawang di na tingnan ang aming mga pagkakasala. Napakarami po talaga nito. Panginoon, maipagpatawad nawa ito sa amin. Iyo pong iwaglit ang mga ito, Ama, at kunin kami sa Iyong mga bisig, at—at pagalingin ang aming karamdaman, at—at linisin po ang aming mga kaluluwa, at palayain ang aming mga espiritu, Panginoon, nang sa gayon ay makasamba at makapagpuri kami sa Iyo, gaya ng mga batang tumatakbo sa palibot ng bahay, na batid na si Daddy ay lagi kaming binabantayan. Iyo po nawang ipagkaloob ito, Panginoon.

⁵⁷ Ngayon, walang sinuman ang—ang makapag papaliwanag ng Salita. Napagtanto po namin ito. Nakita ni Juan ang Aklat sa kanang-kamay Niyaong nakaupo sa luklukan, at walang sinuman sa langit, o sa ibabaw ng lupa, o sa ilalim man ng lupa ang marapat na magbukas ng Aklat, o magtanggap man ng mga tatak. At naroon pong dumating ang isang Cordero, na pinatay buhat pa nang itatag ang sanlibutan. At Siya nga ang karapat-dapat. At kinuha Niya ang Aklat, at tinanggal ang mga tatak, at binuksan ang Aklat. Oh Cordero, pumarito Ka sa gabing ito. Iyong buksan ang Aklat sa amin, Ama, habang hinihintay Ka namin, dahil hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus, ang Cordero ng Diyos. Amen.

⁵⁸ Ang pinili ko po sa gabing ito, ay isang munting Kasulatan dito na tatlong salita lamang. Pero bago 'yan nais kong bumasa muna ng isang talata o dalawa sa San Juan, ika-11 kabanata simula sa ika-23 talata.

Sinabi sa kaniya ni Jesus, Magbabangon uli ang iyong kapatid.

Si Marta ay nagsabi sa kaniya, Nalalaman ko . . . siya'y magbabangon uli sa pagkabuhay na maguli sa huling araw.

Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang pagkabuhay na maguli at . . . kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya:

At ang sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay magpakailan man. Sinasampalatayanan mo бага ito?

Sinabi niya sa kaniya, Oo, Panginoon:
*Sumasampalataya ako na ikaw ang Cristo, ang Anak
 ng Dios, sa makatuwid baga'y ang naparirito sa
 sanglibutan.*

⁵⁹ At para sa ating teksto nais ko ngang gamitin ang tatlong salitang ito: *Sinasampalatayanan Mo Baga Ito?*

⁶⁰ May nabasa akong kuwento matagal na. Sa palagay ko'y isa itong kuwentong katha. At halos lahat ng mga ministro, sa palagay ko, ay nabasa na itong libro ni Dr. Ingraham na—na patungkol sa *Ang Prinsipe Ng Sangbahayan Ni David*. Isa nga itong napakagandang aklat. Sa, sa tingin ko'y, matagal nang di nila nililimbag ang aklat na ito. Gusto ko sanang magkaroon ng limbag nito, para maipakita ko sana sa mga tao.

⁶¹ At doon nga, binabasa ko roon ang isang munting artikulo tungkol dito kay Lazaro, at kay Jesus, at Maria, at Marta, na, mga kapatid na babae ni Lazaro. At nabasa ko nga roon kung saan nanuluyan noon si Jesus, na sa palagay ko, kina Marta at Maria. Kapwa sila kalugud-lugod na mga kabataang babaing Hebreo. At si Lazaro noon ay nag-aaral o nagsasanay noon na maging eskriba dun sa templo, gumagawa ng mga kasulatan ng kautusan para sa mga saserdote.

⁶² At napakaganda ng pakikisama ni Jesus noon, lalo na kay Lazaro. Kapag babasahin natin dun sa aklat ang sabi nga dun tumuloy Siya roon sa tahanan, at si Marta ay medyo pahapay-hapay pa na makinig sa salita Niya, haya't kailangan pa kasi niyang tiyakin na handa na 'yung pananghalian at aayusin pa ang hapag, samantalang si Maria ay naupo sa Kanyang paanan. At sinabi ni Jesus na pinili ni Maria ang magaling na bahagi.

⁶³ At tapos, nabanggit din sa atin na si Lazaro ang nagdala kay Jesus dun kay Juan, dun sa kuwento sa mga libro ni Dr. Ingraham, at. . .dito nga sa *Ang Prinsipe Ng Sangbahayan Ni David*. Gayunman, maaaring hindi 'yun totoo, di ko po alam, pero para mabuo 'yung tagpo, haya't Siya nga'y nanunuluyan noon kasama nila.

⁶⁴ Ngayon, napag-aralan na natin sa susunod, o nakaraang sanlinggo, po pala, sinabi ni Jesus sa San Juan 5:19, "Aking. . . Hindi makagagawa ang Anak ng anuman sa Kanyang Sarili, kundi ang makita Niyang gawin ng Ama: ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding paraan. Gumagawa ang Ama at ang Anak ay gumagawa hanggang ngayon." Kita n'yo? "Ang makita Niyang gawin ng Ama."

⁶⁵ Kaya tugaygayin na natin 'yung talagang tinutumbok nung kuwentong ito, ang Ama, ang Diyos, nangusap nga sa Kanyang Anak, na si Jesus, at sabi, "Ang Iyong kaibigan, na si Lazaro, siya'y mamamatay, pero ito'y para sa kabutihan, kaya umalis Ka riyan sa tahanan. Umalis ka riyan, 'pagkat dudulog sila na ipanalangin Mo siya, o, pagalangingin siya, at—at hindi Ko ibig

na gawin Mo 'yun." Kung susundan n'yo ang kuwento habang tinutuluy-tuloy natin ito, makikita n'yo dun na papunta nga ito dun sa katotohanang talagang tinutumbok nun. Kaya naman, si Jesus, walang pasabi-sabi o anuman, umalis ng bahay at nagpunta sa ibang lugar, di na bumalik nung gabing 'yun. At nagpunta Siya sa ibang lungsod. At pagkatapos na pagkatapos umalis ni Jesus ng tahanan, dun nagkaproblema.

⁶⁶ At sa tuwing aalis si Jesus ng tahanan n'yo, may parating ngang problema. Pagkatandaan n'yo po, kapag aalis Siya ng tahanan n'yo, sa puntong 'yan dumarating ang problema. Sa tuwing ipapasok n'yo ang maka-sosyal na pakikisama at lahat dun sa mga kaiglesyahan n'yo para pairalin dun nang walang aberya, gaya ng naglalakihang mga Rickenbacker na disi sa isang silindro, at isasantabi n'yo na lang si Jesus sa labas, na si Jesus ay nasa labas na ng inyong iglesya, diyan nga pumapasok ang problema. Siyanga, po, sa tuwing aalisin si Jesus sa isang denominasyon, at isasantabi nila Siya at sasabihin, "Buweno, di namin talaga kayang paniwalaan ang mga ganyang bagay na 'yan ang tama," at tatanggap kayo ng ibang bagay, diyan nga dumarating ang problema. Tandaan n'yo po 'yan.

⁶⁷ Naalala ko tuloy dahil diyan 'yung isang kuwento tungkol sa Panginoong Jesus, na makikita n'yo riyang sa Aklat ng Lucas. Alam n'yo po nung Siya noon ay bata pa lang mga nasa dose anyos pa lang noon, sinama Siya ng magulang Niya, dahil 'yun ang kinaugalian dun taon-taon, sa kapistahan ng Pentecostes. At habang naroon sila sa bayan ng Jerusalem nung panahon na 'yun ng kapistahan at nagkakasiyahan, makikita natin 'yan sa Biblia, na tatlong araw ang pinalipas nila na di Siya kapiling. At inisip nga nilang siguro, kaya nila ipinagsawalang-bahala, ay siguro nasa mga kamag-anakan lang nila si Jesus. Ngayon, di natin puwedeng hayaan na magkaganyan. Nung puntahan na nila noon 'yung kanilang kamag-anakan para alamin, wala naman Siya roon.

⁶⁸ At hindi nga natin puwedeng ipagsawalang-bahala na lang 'yan, dahil sa inaangkin nating Methodist naman tayo, Baptist, Presbyterian, Pentecostes, at 'yung ating mga tinatangkilik at mga ninuno ay mga magigiting na mga mananampalataya, na wala lang sa atin, buweno, nagsasawalang-bahala tayo, na si Jesus nama'y kapiling natin. Hindi natin puwedeng hayaang ganun lang 'yun. Kailangan kasi'y tuluy-tuloy ang pakikiugnay natin sa Kanya sa bawat araw at bawat minuto. Oh, gustung-gusto ko 'yan.

⁶⁹ Ang inaasam ko nga'y ang Diyos ngayon. Yung kinamit ng mga magulang ko, ng mga ninuno ko, kahanga-hanga naman talaga 'yun. Haya't ang kinamit nila noon ay napakainam. Pero sa palagay ko'y malayo na ang ating nilakbay.

⁷⁰ Ituon natin ang ating paningin sa kung ano Siya ngayon. Di ko na nanaisin pang tumuon sa mga ginawa ni G. Moody noon, dahil malayo na ang nilakbay natin mula noong kay G. Moody. Ang problema sa mga kaiglesyahan natin ay tumutuon pa tayo sa nakaraan at sasabihin, “Buweno, tingnan natin kung anong sinabi ni G. John Wesley, kung anong sinabi ng iba noon.” Yan ang dahilan kung bakit malayong-malayo na ang narating ng siyensiya sa larangan nila, kaysa sa naabot ng relihiyon.

⁷¹ Mangyari ngang tatlong daang taon ang nakararaan, may siyentipikong Pranses ang nagpatunay na kung bubulusok ka sa katakot-takot daw na bilis na trenta y singko milya kada oras, makabibitiw ka raw sa hatak ng mundo. Sa tingin n’yo ba binabalikan pa ’yan ng siyensiya sa panahon ngayon? Sila’y bumubulusok na ngayon sa bilis na labing-siyam na raang milya kada oras at pabilis pa nang pabilis. Sila’y nagtutumulin sa pag-usad, nakatuon sila sa pag-usad. Samantalang tayo’y gusto nating tumuon pabalik at titingnan kung anong sinabi ni Moody; sinabi ni Sankey; sinabi ni Finney; Knox, Calvin; ang ilan sa mga ’yun noon. Ang mga sinabi nila’y maiinam naman. Para kasi ’yun sa kapanahunan nila, pero tayo nga’y umuusad.

⁷² Ang lolo ko’y sumakay sa karitelyang hila-hila ng kalabaw. Ako’y nagmamaneho ng Ford V8. Ang anak ko’y magpapalipad ng eroplanong jet. Kaya, umuusad talaga tayo. Ganyan dapat ang relihiyon. Ang pagparito ng Panginoon ay nalalapit na. Umuusad na dapat ang iglesya patungo dun sa kanilang kapamahalaan. Ang siyensiya nga’y may limitasyon lang ng taas nang maaabot at pagkatapos ay babagsak na uli, subalit tayo’y may pagkukuhanan ng lakas na di pa napagkukunan, na di pa nagagalaw, na may kapamahalaan, na walang limitasyon, na sa Diyos, at dapat na tayong umuusad dun. Milyun-milyong milya ang layo natin sa dapat nating pribilehiyo ngayong gabi, mga pribilehiyong para sa mga Cristiano na dapat nga’y natatamasa na natin ngayon. Nahihiya ako sa sarili ko kapag nakikita ko ’yang mga institusyon na ’yan, at mga karamdaman, at mga problema na laganap na ngayon. Ang iglesya natin ngayon ay dapat ngang humahayo ngayon sa lansangan, nagpapagaling ng maysakit, nagbubuhay ng patay, nagpapalayas ng diyablo, nagpapamalas ng mga tanda at mga kababalaghan, pinaaisip sa sanlibutan para mapagtanto nilang buhay si Jesus Cristo. Yan nga ang dapat sana nating ginagawa na ngayon.

⁷³ Yun nga lang, sasabihin n’yo, “Di naman inano ’yun ni G. Moody. . .” Haya’t di naman nabubuhay sa panahon ngayon si G. Moody. Siyanga. Tayo ang nabubuhay rito sa pagparito ng Panginoon. At ’yun nga lang pinagsasawalang-bahala natin ito at iniisip nating nandun naman Siya sa mga kamag-anakan natin. Pero nung isang araw nga nung hamunin si G. Graham ng isang naghahamon, nalaman nga natin na wala naman Siya sa piling ng ating mga kamag-anakan.

74 Saan nila Siya natagpuan? Saan—saan nga nila natagpuan si Jesus? Doon mismo kung saan nila Siya iniwan. Saan nila Siya iniwan? Sa kapistahan ng Pentecostes. Saan natin iniwan si Jesus, saan iniwan ng iglesia? Sa kapistahan ng Pentecostes. Nung lumayo tayo sa sinubok-ng-panahong kapangyarihan ng Pentecostes, dun nga tayo lumakad palayo kay Jesus. Walang pasubali, kaibigan. Nabubuhay tayo na malayo sa dapat nating pribilehiyo. Siyanga, po.

75 Iniwan nila Siya sa kapistahan ng Pentecostes, at 'yun lang ang natatanging lugar kung saan matatagpuan ng Methodist, Baptist, Presbyterian, at kahit mga Pentecostal haya't dun lang nila Siya matatagpuan, ang bumalik nga sa lugar na 'yun kung saan n'yo Siya iniwan. Nasaan ang kagalakan sa Panginoon? Nasaan ang kapamahalaan sa Panginoon? Nagtatanong ngayon ang iglesia, "Anong—anong nangyari sa Diyos ng kasaysayan?" Siya nga'y nakaantabay lamang na magsumamo ang Kanyang bayan para dumating Siya sa eksena. Subalit . . .

76 Hindi nga natin magagawa 'yan sa pamamagitan ng mga denominasyon. Hindi nga natin magagawa 'yan sa ilalim ng sikolohiya. Hindi natin magagawa 'yan sa ilalim ng aritmetika, o magawa man gamit ang edukasyon. Dinidistansya natin ang ating mga sarili, nagkakawatak-watak tayo. Hindi dapat tayo nagkakawatak-watak. Tayo'y iisa lang dapat kay Cristo Jesus. Tayo'y isa kay Cristo, at hindi 'yan kahit kailan magagawa ng ating mga denominasyon. Kahit gaano pang kagaling ang mga ito, di nila magagawa talaga. Ang ating edukasyon ang pinaka malaking balakid ng Ebanghelyo kahit kailan, ang edukasyon nga.

77 Ang kailangan nga natin ay di edukasyon. Ang kailangan natin ay ang kapangyarihan at patotoo ng Espiritu Santo na maibalik sa ating iglesia upang maipakita ang kapangyarihan. Kahit kailan ay di sinabi ni Jesus, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at—at magturo." Hindi Niya sinabing, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at gumawa ng. . ." Ang sinabi nga Niya, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo." At ang Ebanghelyong 'yan ang magpapamalas ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ang pagkabuhay na mag-uli. Milyong milya pa ang layo natin sa dapat nating narating na sana ngayon. Umusad na tayo. Bumalik tayo dun sa lugar na pinag-iwanan natin sa Kanya sa kapistahan ng Pentecostes.

78 Sinabi ni Jesus, sa Juan, sa palagay ko, sa ika-15 kabanata, ang sabi Niya, "Ako ang Puno ng Ubas; kayo ang mga sanga." Buweno, ngayon, kung ang Puno ng Ubas na 'yun ay nagpatubo ng unang sanga, at mula sa sanga na 'yun ay naisulat ang Aklat ng Mga Gawa, ang ikalawang sanga nga'y gagawa ng isa uling Aklat ng Mga Gawa. Ang ikatlong sanga nama'y gagawa rin ng isa uling Aklat ng Mga Gawa. At bawat sanga na tutubo mula sa Puno ng Ubas na 'yun ay magiging katulad nung naunang sanga.

⁷⁹ Ngayon, maaari ka ngang maghugpong, alam natin 'yan. May nakita na akong puno ng citro na may walong iba't ibang bunga roon. May nakita na rin akong puno ng dalandan na namumunga ng lukban, at limon, at lahat na ng kung anu-ano pa, pero idinugtong lang sila dun.

⁸⁰ Yan ang problema sa panahon ngayon. Idinudugtong natin ang sarili nating mga ideya, idinudugtong natin ang ating mga denominasyon, pero kung hahayaan lang natin na magpatubo 'yung punong 'yun ng isa uling puno ng ubas, sa ganang kanya, magiging katulad 'yun ng mga orihinal na puno na tumubo na mula roon. Hallelujah! Oh, nagkakaroon na ng paghahalo-halo sa iglesia, subalit ang kailangan natin ay ang kapangyarihan nung orihinal. Kailangan nga natin ang Espiritu Santo, ang kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. Yun ang sinabi Niya sa ating gawin.

⁸¹ “Ako ang Puno ng Ubas, kayo ang mga sanga.” Kung ang punong-ubas ay magpapatubo ng sanga, at namumunga 'yun ng magagandang asul na ubas, ang susunod na sanga nga'y mamumunga ng magagandang asul na ubas. Kung tumubo ang unang Puno, at sila'y sumailalim sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, at gumawa sila ng dakilang mga himala, at mga tanda, at natatakan yaong patotoo nila sa harapan ng sanlibutan. . . Anupa't di kakaunti sa kanila sa kani-kanilang patotoo, sila'y, sa sarili nilang dugo, natatakan ang patotoo nila. Sinuong nila ang lahat na ng sari-saring panganib at lahat madala lang ang Ebanghelyo. Dumanas sila ng dusa; hinagupit sila; pinahirapan sila. “Tayo ba'y dadalhin na lang sa tahanan sa Kalangitan sa mabulaklaking higaan ng kaalwanan, samantalang ang iba'y nagbata para pagtagumpayan ang gantimpala, at naglayag sa kalawakan ng duguang karagatan?” Ano nga bang inaasahan sa atin na dapat nating gawin? “Kinakailangan kong magbata kung ako'y mamamahala. Paigtingin Mo pa ang kagitingan ko, Panginoon.” Siyanga. Kailangang-kailangan natin ng. . .

⁸² Di na natin kailangan ng panibagong denominasyon. Di na natin kailangan ng panibagong gusali para makapanamba. Ang kinakailangan natin ay makalumang panliblib, nakasilong sa mala-asul na langit, na pumupuksa-ng-kasalanang Pentecostal na rebaybal, na ipinanganak noong Pentecostes at ibinalik na muli ngayon sa iglesia, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo muli, na magpapabalik kay Jesus sa eksena.

⁸³ Ang Diyos ng kasaysayan lumilitaw sa eksena sa sandaling kailangang-kailangan talaga. Kailangan natin ito. Yan nga ang nagiging problema sa iglesia ngayon. Napag-iiwanan na tayo. Nahuhulog tayo sa kaugalian ng sanlibutan. At unti-unti, taontaon, nagsisimula itong mamatay at malanta.

⁸⁴ Malapit na ang panahon ng pagpupungos. Puputulin na ito ng Diyos na kasintiyak ng pagkakatayo ko rito sa may pulpito.

Puputulan siya ng Diyos upang pagbungahin siya ng bunga. Puputulin Niya ang gawa ng sanlibutan isa sa mga araw na ito. Nakakahiya talaga, ang pagpapakasasa na ginagawa ng iglesya sa pangalan ng relihiyon.

⁸⁵ At natuklasan din natin, nung umalis si Jesus, pumasok ang kamatayan. Sa tuwing aalis si Jesus sa ating iglesya, ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay umaalis din mula sa ating kaiglesyahan, kaya naman nalalanta ito at—at namamatay. At paglaon ay wala ng natitira pa rito. Ngayon, nung umalis si Jesus, pumasok nga ang kamatayan. Oh, nakalulungkot ngang panahon ito.

⁸⁶ At pansinin n'yo, nagulumihanan sila, at nagsugo sila para sunduin si Jesus, pero hindi Siya dumating. Nagsugo uli sila para sunduin Siya, at hindi siya uli dumating, pero batid Niya ang napipinto Niyang dapat gawin. Batid nga Niya sa gabing ito, kung anong dapat Niyang gawin. Hindi 'yun nawaglit sa Kanya: Alam na alam Niya ang napipinto Niyang dapat gawin. Siya nga'y magbabangon ng bayan, na sintiyak ng pagkakatayo ko rito sa may pulpito. Siya'y magbabangon ng mga tao para sa Kanyang Pangalan mula sa henerasyong ito ng Gentil. Yun nga ang gagawin Niya.

⁸⁷ Papalapit na ang panahon ng mga Judio, at ang sa mga Gentil naman ay papatapos na, dahil talamak na ang ginagawa nila. Tinatanghian na nila si Cristo; tinatanghian na nila ang mga tanda; tinatanghian na nila ang mga bagay na sa Diyos, at babansagan pa nila na pagbabasa lang daw 'yun ng isip o kapangyarihan daw ng diyablo at tapos. . . Mamumusong sila laban sa Espiritu Santo at tinatatakan ang mga sarili palayo sa Diyos. At tapos kukunin ng Diyos silang kakaunting bilang, pagkatapos, at ibabangon 'yun na maging makapangyarihang Iglesya, at pagkatapos ibabaling na ang Espiritu patungo sa mga Judio, at kukunin na pauwi ang Iglesyang Gentil. Ganoon nga 'yun mismo. Siya'y naghahanda na para roon. Oh, grabe, nasa huling panahon na talaga tayo, halos.

⁸⁸ Si Jesus, batid naman Niya. At pagkatapos nga'y ang sabi Niya, "Ang ating kaibigan, na si Lazaro, ay natutulog."

⁸⁹ Anupa't, iniisip ng mga alagad na ang pakahulugan Niya'y nagpapahinga lamang. Na ang ibig Niyang sabihin, "Buweno, kung siya'y natutulog, ay maayos ang kalagayan niya."

⁹⁰ Buweno, kaya naman sinalita Niya sa Kanyang. . . kanilang maaabot-na-salita, para maunawaan nila, sabi, "Siya'y patay, at ikinagagalak Ko dahil sa inyo rin na Ako'y wala roon." Kita n'yo? "Dahil sa inyo, ikinagagalak Kong wala Ako roon." Dahil dudulog nga sila sa Kanya na—na pagalingin—na pagalingin siya, pero batid Niya na di Niya dapat gawin 'yun, dahil ayon dun sa pangitain ay di pa. . . alam Niyang apat na araw muna ang magdadaan bago ang panahon na sinabi sa Kanya ng Ama.

Grabeng ganda; ang sabi Niya roon sa may libingan, “Ama, nagpapasalamat Ako sa Iyo, na Iyong dininig, ngunit ito’y sinabi Ko dahil sa karamihang nasa palibot.” Kita n’yo? Batid na nga Niya kahit noon pa man ang Kanyang gagawin. Sinabi Niya, “Gigisingin Ko siya.”

⁹¹ Ngayon, nakikinita ko nga ang munting tahanan na ’yun na wasak na wasak talaga. Wala na ’yung naghahanap-buhay sa kanila, kalungkutan. Oh, napakaganda nga na sa panahon na malungkot sa tahanan n’yo o malungkot ang puso n’yo, ay saka dumarating si Jesus nang di n’yo inaasahan, hindi po ba? Nakikinita kong naroon si Marta, isang maganda’t munting babae na may talukbong na itim na belo sa mukha niya, at maging si munting Maria, at naroon sila hawak-hawak ang isa’t isa, nagsasabi, “Ano nang gagawin natin? Wala na si Papa at Mama, at ang minamahal naming kapatid na lalaki. . . Ngayon, umalis nga kami sa simbahan, at itiniwalag na kami sa kanila, at lumabas kami para sumunod kay Jesus na taga-Nazaret. At umalis naman Siya’t iniwan kami, nagpunta kung saan.”

⁹² Nauulinigan ko nga na may kritiko dun na sumadya pa’t ang sabi, “Hoy, nasaan na ang Makalangit na Tagapagpagaling, ’yung Propetang taga-Galilea? Nasaan na Siya ngayon? Kita n’yo na, kapag oras na para pumarito Siya at may gagawin dapat, saka naman Siya nawawala.” Hayan nga. Kita n’yo, gustung-gusto nga ng Diyos na gawin ang ganyan, para ipakita ng mga tao, haya’t, ipakita talaga ng mga tao kung ano nga talaga sila, oo, sinusubok sila para makita kung ano nga talaga sila. Binibigyan Niya sila ng pagpapala. Lilitaw Siya, ipakikita ang Sarili, ipakikilala ang Sarili sa mga tao, para makita kung anong klaseng reaksyon ang ipapakita nila, para makita kung anong gagawin nila dun.

⁹³ Ngayon, nakita nga natin, pagkatapos ng—ng ilang araw, apat na araw, ang kaawa-awang si Lazaro ay patay na nun. Inilibing nila siya. Ikalawang araw, ikatlong araw, ikaapat na araw. . . Ngayon, alam nga ng kahit sino na pumapasok na ang pagkabulok ng katawan matapos ang tatlong araw: maaagnas muna ’yung ilong sa mukha, unang-una. At tapos nun papasok na ang pagkabulok; magsisimula nang kainin nung mga uod sa balat ’yung katawan. Inilagag nila siya sa lupa, naglagay ng napakalaking bato para sarhan ’yung kuweba kung saan nila siya inilagag. At maya’t maya, ’yung mga kabataang babae’y lalabas at luluhod sa may libingan at hahagulgol.

⁹⁴ At di katagalan, kumalat na ang bali-balita, “Dumating na si Jesus. Nakita namin Siya na paparating dito sa bayan.” Oh, si munting Marta, na noon, ay para bang, pahapay-hapay sa bagay na ito, ipinakita nga niya kung anong taglay niya talaga sa kanya. Hayan na nga siya. Sumadya siya sa may kalsada, tumatakbo para sumalubong. Nauulinigan ko ang ilan sa mga tao sa gilid ng kalsada, “Buweno, siguro nama’y natauhan ka

na n'yan, na mali ang relihiyon mo.” Di niya sila pinansin at nagpatuloy lang, nilampasan niya ang lahat nung mga kritiko. Nagtuluy-tuloy lang siya hanggang sa matanaw na niya Siya, marahil nakaupo sa isang kanto.

⁹⁵ Ngayon, sa lagay ngang 'yun, siya nga'y. . . siya nga'y may karapatan marahil na sisihin Siya at—at pagsalitaan Siya nang masama. Pero, di siya humangos dun at nagsabi, “Aba naman, aba naman, Ikaw. Isa Ka pa namang Propeta, Tao ng Diyos. Bakit di Ka man lang nagpunta nung ipatawag Ka namin? Aba, tampunan tuloy kami ng katatawanan ng buong bayan ngayon. Lumabas pa kami ng simbahan para sumunod sa Iyo.” Siguro nga'y may karapatan naman siya. Pero alam n'yo ba, gaya nung naipangaral ko na noon, *Ang Cordero At Kalapati*, kung tayo'y tupa, hahayaan lang ng tupa na mawala ang bawat karapatan na taglay niya. Ganoon nga 'yun. Wala naman siyang kahit ano pang ibang taglay kundi lana lang, pero hinahayaan lang niya na mawala 'yun sa kanya. At hahayaan n'yo lang na mawala ang bawat karapatan n'yong taglay makapaglingkod lamang sa Diyos. Ganoon nga 'yun.

⁹⁶ Binabanggit ko minsan sa mga kababaihan ang tungkol sa pagsusuot nila nitong maliliit na kung anong kasuotan, alam n'yo, at ang sabi nila, “Buweno, mga—mga Amerikano kami. Puwede naming gawin anumang gustuhin namin.”

⁹⁷ Sabi ko, “Totoo naman 'yan, pero kung isa ka ngang tupa, hahayaan mong mawala sa iyo ang mga karapatan mo.” Yang paninigarilyo at pagpapakasasa na gaya n'yan, 'yan ang pinaka kahindik-hindik na magagawa ng isang babae. Ganoon nga.

⁹⁸ May isang binibini ang sabi niya sa akin, nito-nito lang, kinausap niya ako, sabi, “Pero, Kapatid na Branham, di na sila gumagawa ng ibang klaseng damit liban dun.”

⁹⁹ Sabi ko, “Pero gumagawa pa rin naman sila ng makinang panahi at nagbebenta pa rin ng mga tela. Walang puwedeng idahilan.” Hayan nga.

¹⁰⁰ Alalahanin n'yo, darating ang araw, ikaw ma'y malinis na malinis sa iyong asawang lalaki, pero mananagot ka sa salang pangangalunya dahil diyan, dahil malinaw namang sinabi dun: “Bawat tumingin sa isang babae taglay ang masamang nasa, ay nagkasala ng pangangalunya kasama nung babae sa kanyang puso.”

¹⁰¹ Ano na bang nangyayari sa mga kababaihang Pentecostal ngayon, diyan nga ako nagtataka. Mapapaisip ka talaga kung paanong nalayo na kayo sa dating linya ng pagtatabas. Haya't ang mga nanay n'yo noo'y nagsisihabaan ang buhok, at ngayon ang mga Pentecostal na kababaihan ay pinturadang-pinturada na parang makikipag-Mardi Gras, at nagpuputol ng buhok, at kay iiksi manamit na gaya n'yan, tulad ng mga kung sinu-sino riyon sa kalsada. . . lalabas kayo at magtatabas sa bakuran sa

hapon, sa oras na may mga dadaang kalalakihan, hindi n'yo ba naiisip, kababaihan, na kayo'y mananagot sa ginagawa n'yong pangangalunya sa mga kalalaking 'yan? Ipinipresenta n'yo ang inyong mga sarili sa kanila sa ganoong layunin. Masamang espiritu 'yan na nasa loob ng iglesya at mga tao roon, at di nila 'yun nalalaman. Bulag at di 'yun nalalaman. Yan ang totoo.

¹⁰² Siguro'y sasabihin n'yo wala akong karapatan na sabihin ang bagay na 'yan bilang ebanghelista. Buweno, ako—ako lang ay sumusunod sa pangunguna ng Espiritu Santo; 'yan lang ang masasabi ko. Kayo. . . Kung ha harap na ako sa inyo roon sa paghatol, ay wala akong dugo sa aking mga kamay. Magsialis nga kayo sa bawat kaliit-liitang dako na 'yan na may anyo ni Satanas. Magsilayo kayo riyan. Magsialis kayo. Wala akong pakialam sa mga sikat na artistang 'yan sa telebisyon. . . Hindi ka naparito, para maging sikat sa telebisyon; anak na babae ka ng Diyos.

¹⁰³ Nangaral ako sa simbahan ng isang pastor noong isang umaga, tungkol sa mga alipin noon, panahon nung nagbebenta pa sila ng mga alipin matagal na matagal nang panahon ang nakalipas. At nagpupunta nga sila sa isang dako at binibili sila sa isang substahan. At 'yung mga tao roon, sila'y tumatangis, humahagulgol, dahil ang bayan nilang sinilangan; hindi na sila makakabalik dun kahit kailan. At tapos hinahagupit pa sila. At binibili lang sila dun na akala mo bumibili ka lang ng kotse, o kung anong bagay, may presyo, at ibinebenta sila na mga tao.

¹⁰⁴ At isang araw, may dumating na mamimili, isang ahente, sa malaking pala-. . .o malaking haciendang 'yun, ang ibig kong sabihin. At sabi niya, "Nasa ilang alipin ba ang maibebenta mo?"

¹⁰⁵ Sabi, "Buweno, makikipagpalitan ako." Ang ginagawa nga nila'y pinalalahian nila para malalaki. Kukunin 'yung nanay, 'yung tatay. . .Tapos kung 'yung babaing asawa nung lalaki'y sakitin na babae, kukunin nila 'yung malalaki't malulusog na lalaki at palalahian para. . .parang mga kabayo at mga hayop. Hindi 'yun kailanman naging tama. Gumawa ang Diyos ng tao. Ang tao ang gumawa ng mga alipin. Sa una pa lang ay di na 'yun tama, hindi tama. Kailanman ay di nilayon ng Diyos na ang tao'y maging alipin. Hindi, po. At walang. . .Tingnan n'yo nga ang sumunod na nangyari.

¹⁰⁶ Pagkatapos sa gitna ng pag-uusap dun, sabi nung lalaking 'yun, "Buweno, gusto kong bumili ng ilang. . ." Napansin niya ang isang binata dun. Di na nila siya kailangang hagupitin pa. Nakataas ang baba niya, nakataas ang ulo, na para talagang ginoong-ginoo, naglalakad dun. At sabi nung ahente, "Gusto ko siyang bilhin."

¹⁰⁷ Sabi niya, "Pero hindi siya ibinebenta."

¹⁰⁸ Sabi niya, "Buweno, bakit?" Sabi, "Siya ba ang boss?"

109 Sabi niya, “Hindi, alipin lang siya.”

110 “Buweno,” sabi, “Bakit nga? Iba ba’t mas masasarap ang pinakakain n’yo sa kanya kaysa dun sa iba?”

111 Sabi niya, “Hindi. Dun din siya sa may kusina kumakain kasama nung iba pa. Alipin nga lang siya.”

112 Sabi, “Kung ganun bakit ibang-iba siya kumpara sa iba pa sa kanila?”

113 At sabi nung amo, “Kahit ako’y matagal nang nagtataka sa bagay na ’yan, pero isang araw natuklasan ko rin. Doon kasi sa bayan nilang tinubuan, ang tatay niya ang hari nung tribo. At gayong isa siyang dayuhan dito na malayo sa kanyang tahanan, alam pa rin niya sa sarili niya na anak siya ng hari at kaya ang kilos niya’y anak pa rin ng hari.” Kung ang . . . Kung ang isang katutubong taga-Aprika na gaya niya ay nababatid niyang ang tatay niya ay isa ngang hari, at narito siya na dayuhan sa isang estrangherong lupain pero nakababatid pa rin na sa kabilang-ibayo ng karagatan ay anak pa rin siya ng hari, gaano pa kaya dapat sa mga kababaihan at mga kalalakhian na kumilos nang ganun kung kayo’y mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos? Kumilos kayong gaya nun. Siyanga. Kumilos kayo nang naaayon; linisin n’yo ang inyong sarili at kumilos na mga anak na lalaki at mga anak na babae talaga ng Diyos. Hindi na nakapagtataka, ’yung ganyang kondisyon.

114 Heto na po tayo. Oh, si munting Marta, humahangos siya. Mukha namang mayroon siyang bagay na—na maisusumbat sa Kanya. “Bakit hindi Mo man lang pinuntahan ang kapatid ko? Tingnan Mo naman ang mga ginawa namin para sa Iyo, tapos nun binigo Mo pa kami.” Buweno, kung ganun ang sinabi niya, hindi magkakaroon ng katapusan ang kuwento na ’yun na gaya ng kung paano dapat ’yun nagtapos. Hindi, nga. May tama kasing pakikitungo sa Makalangit na kaloob ng Diyos. Kung padadalhan ka ng Diyos ng kaloob, dapat ngang tama ang pakikitungo mo rito. Kung umaasa ka na makakuha ng bagay mula roon, nararapat lang na tama ang pakikitungo mo rito. At alam nga ’yun ni Marta. Nabasa niya marahil ’yung tungkol sa babaing Sunamita at sa sanggol niya. At siya . . . Kung ’yung babaing Sunamita na ’yun ay napagkilanlan niyang Diyos ’yun na nakay Elias, gaano pa kaya Siya na nakay Jesus? Siyanga.

115 Kaya, sumalubong siya roon na tama ang pakikitungo niya. Tumakbo siya’t nagpatirapa sa paanan Niya. Gustung-gusto ko ’yun! Nagpatirapa sa paanan Niya’t nagsabi, “Panginoon . . .” Yun nga ang nararapat na tawag sa Kanya. Yun nga Siya. Siya nga’y Panginoon niya. “Panginoon, kung Ikaw sana’y narito, di sana ang kapatid ko’y hindi namatay.”

116 Oh, grabe. Oh, nakikinita ko nga ang dakila Niyang puso habang tinitingnan Niya ang kalugud-lugod na babaing ’yun, na ang luha’y gumuguhit sa kanyang pisngi. Sabi, “Panginoon,

kung Ikaw sana'y narito, di sana ang kapatid ko'y namatay." Masdan n'yo po ang sinabi niya, "Pero gayunman, Panginoon, gayong patay na siya, gayong nagsisigapang na ang mga uod sa buo niyang katawan, gayunman, Panginoon, anumang hingin Mo sa Diyos, ay ipagkakaloob sa Iyo ng Diyos."

117 Oh, 'yan nga ang sekreto. Sabihin mo mang, "Kung saan-saan na akong ospital nagpunta. Sinasabi ng doktor na ako'y mamamatay, pero gayunman, Panginoon. . . Haya't di man ako makalakad dahil sa arthritis; di ako makakilos, pero gayunman, Panginoon. . ."

118 Yung munting sanggol ngang 'yun kagabi'y may tubig sa ulo't lumulobo na talaga. Wala nang magagawa pa. Lolobo pa 'yun at sasabog na lang 'yung munting ulo niya't mamamatay, "Pero gayunman, Panginoon. . ." Siya'y nananatiling Diyos pa rin. Siya pa rin ang Panginoon. "Gayunman, Panginoon. . ." At Siya'y nasa kanan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, na namamagitan sa mga bagay na ipinapahayag nating ginawa Niya para sa atin.

119 Ngayon po, lubos akong napupuspos. Siyanga. Babansagan din naman n'yo akong holy roller, kaya umpisahan n'yo na, at tawagin akong ganoon nga.

120 Kaya, siyanga, naman, "Gayunman, Panginoon, anumang hingin Mo sa Diyos, ay ipagkakaloob sa Iyo ng Diyos."

121 "Magsihingi kayo sa Ama sa Pangalan Ko, yaon ang Aking gagawin," sabi ni Jesus.

122 "Gayunman, Panginoon, anumang hingin, ay ipagkakaloob sa Iyo ng Diyos." Oh, tumimo nga 'yun nang husto sa dakila Niyang puso.

123 Ang sabi Niya, "Mabubuhay uli ang iyong kapatid."

124 Sabi niya, "Opo, Panginoon. Mabubuhay siya. Isa siyang mabuting binata. Magbabangon nga siya sa pangkalahatang pagkabuhay na mag-uli sa huling araw." Naniniwala nga ang mga Judio sa pangkalahatang pagkabuhay na mag-uli. "Siya'y magbabangon sa pagkabuhay na mag-uli sa huling mga araw."

125 Masdan n'yo nga Siya. Inilahad Niya ang Kanyang munting sarili dun. Ang sabi Niya, "Ako ang Pagkabuhay na Mag-uli at Buhay." Oh, ang ganda. Walang kahit sinong tao ang kayang magsalita ng gaya nun noon. Wala ring kahit sino pagkatapos, ang makapagsasalita ng gaya nun. Siya lamang ang nag-iisang makapagsasalita ng ganun. "Ako ang Pagkabuhay na Mag-uli at Buhay," sabi ng Panginoon. "Ang sumasampalataya sa Akin, bagamat siya'y mamatay, gayunma'y mabubuhay siya. At ang sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi mamamatay magpakailan. Sinasampalatayanan mo baga ito?"

126 Sabi niya, "Opo, Panginoon." Oh, nalalaman nga niyang may napipintong mangyari. Mayroon nga talaga.

127 Sa tuwing ang pananampalataya na nasa matapat na puso ay kakatagpuin ang Diyos, sila nga'y maglalapat sa isa't isa na gaya *nun*. Mayroon talagang mangyayari. Hinahamon ko ang mga tagapakinig ngayong gabi, na sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, iugnay n'yo ang pananampalataya n'yo sa Diyos gaya nun, at sa ilang minuto lang ay magtatamasa tayo rito ng isa uling Pentecostes. Magtatamasa nga ang bayan na ito ng napakadakilang rebaybal, na kulang ang mga pulis ng bansang ito para pahupain ang mga tao. Siyanga. Magkakaroon nga ng isang tunay na rebaybal. "Gayunman, Panginoon . . ."

128 "Buweno, Panginoon, nasabit kami sa ganito; nakagawa kami ng ganito at nakagawa ng ganoon." Wala akong pakialam anuman 'yang mga nagawa n'yo, "Gayunman, Panginoon . . ." Naghihintay Siya sa inyo na tumawag kayo sa Kanya. Siya . . . "Sinaspampalatayanan mo baga ito?" Siyanga. Siyanga, po. Ano pa man 'yan, anumang hingin mo sa Kanya . . .

129 "Saan ninyo Siya inilagay?" Ngayon, pumunta Siya roon sa libingan. Husto ang pagiging tao Niya na tumangis; husto rin ang pagiging Diyos Niya na ibangon ang patay.

130 Heto nga di pa katagalan, may isang ginang na kaanib sa isang grupo . . . Di ako kadalasang nagbabanggit ng kung ano laban sa mga denominasyon. Pero ang ginang pong ito . . . Di sila naniniwala na Diyos si Jesus. Ang sinasabi lang nila'y propeta lang siya. Ngayon, Siya'y . . . Kung Siya'y isang propeta lang, lahat tayo'y lugmok sa kasalanan. Diyos Siya, walang iba kundi ang Diyos nga, o kung hindi'y Siya ang pinakamalaking manlilinlang na nagkaroon ang mundong ito. Tama. Siya nga'y higit pa sa tao. Ang sabi ng ginang na ito, "Hindi Siya Diyos."

131 Laganap na talaga ngayon 'yang gaya n'yan na panlipunan lang na Ebanghelyo; iginigiit nilang propeta lang daw si Jesus Cristo. Aba, Siya ang Diyos ng mga propeta. Siya nga.

132 Sabi nung ginang, "Patutunayan ko sa iyo sa Biblia mo na, 'Tao lang Siya.'"

133 Sabi ko, "Sige po."

134 At sabi niya, "Nung pumunta siya sa pinaglilibingan noon ni Lazaro, ang sabi dun sa Biblia, 'Tumangis Siya.' Siya nga'y mortal o di sana'y hindi Siya tumangis."

135 Sabi ko, "Binibini, 'yan na ba ang Kasulatan mo?" Ayoko pong para bang namumusong ako rito na sasabihin ko ito, pero sasabihin ko nga sa inyo ang sinabi ko sa kanya.

136 Sabi niya, "Yun na 'yun."

137 Sabi ko, "Napakalabnaw naman ng pahayag na 'yan na siguro'y mas malabnaw pa sa sabaw na pinagkulan ng anino ng manok na ginutom hanggang mamatay." Sabi ko, "Buweno, ikaw—ikaw nga'y di makatatayo sa bagay na gaya n'yan."

138 Sabi niya, “Aba, tumangis nga Siya. Pinakikita lang n’yan na mortal Siya.”

139 Sabi ko, “Siya’y kapwa mortal at imortal. Siya’y Diyos na nagkatawang-tao.”

140 Sabi niya, “Oh, kalokohan.”

141 Sabi ko, “Pumunta Siya roon sa libingan na tumatangis. Siyanga nama’t totoo ’yun, pero nung itinindig Niya ang munti Niyang sarili dun. . .” Ang sabi nga ng Biblia, “Walang anyo ng kagandahang makikita tayo sa Kanya; walang kagandahan ang mananais natin sa Kanya.” Pero itinuwid nga Niya ang maliliit Niyang balik at nagwika, “Lazaro, lumabas ka,” at ang lalaking ’yun na apat na araw nang patay at nabubulok sa libingan, lumabas siya. Haya’t higit nga ’yun sa pagiging tao. Sige magpakita kayo sa akin ng tao na kayang gumawa nun. Ano ’yun? Nakilala nung pagkabulok ang kanyang Panginoon. Nakilala nung buhay ang kanyang Manlilikha. May bagay nga na kailangang mangyari. Nagsalita Siya at ’yung lalaking ’yun na patay na’t nakalagak sa loob ng libingan nang apat na araw, nagbangong muli, at tumindig sa kanyang mga paa, at buhay. Hallelujah! Ang Diyos nga ’yun na naroon sa Kanyang Anak. Siyanga, po. Ang Diyos ’yun na inihahayag ang Sarili sa pamamagitan Niya, ang Anak. Ang Diyos ’yun na nagsasalita, hindi tao.

142 Tao Siya nung tinitingnan-tingnan Niya ’yung puno nung araw na ’yun at naghahanap ng makakain. Tao ’yun. Pero nung kunin Niya ang limang tinapay at dalawang isda at magpakain ng limang libo, higit nga ’yun sa isang tao. Ang Diyos ’yun na nagpakain sa kanila roon. Higit nga Siya sa isang propeta, higit sa isang tao, Siya’y Taong-Diyos. Siyanga.

143 Nakahiga Siya minsan sa likod ng maliit na bangka nung gabing ’yun, at nangangalit noon ang karagatan at taas-baba ’yung bangka na parang takip ng bote sa makapangyarihang dagat, sa panahon na isinumpa ng sampung libong diyablo sa dagat na lulunurin nila Siya sa gabing ’yun. Isa nga Siyang tao, na nahapo’t napagod sa pananalangin sa mga maysakit, nahiga Siya roon sa may likod; at di Siya naidli nung hangin. Isa nga Siyang tao sa pagkakatulog Niya, subalit nung gumising Siya, at ipatong yaong paa niya sa gilid nung bangka, tumingala, at magsabing, “Pumayapa, tumahimik ka,” at ang mga hangin at mga alon ay tumalima sa Kanya, higit nga ’yun sa isang tao. Diyos ’yun na nasa tao’t, inihahayag ang Sarili. Siyanga.

144 Siya’y tao dun sa krus nung Siya’y sumigaw na kahabagan. Nung Siya’y sumigaw at magsabing, “Nauuhaw Ako,” tao ’yun. Nung mamatay Siya, tao Siya, subalit nung umagang ’yun ng Pasko ng Pagkabuhay nung kalagan Niya ang pagkakaselyo ng kamatayan, impyerno, at ng libingan, at magbangon muli, Siya

nga'y higit sa tao: Diyos 'yun na nahayag. Di na nakapagtataka na sinabi ng makata:

Sa pagkabuhay, ako'y inibig Niya; sa
pagkamatay, ako'y iniligtas Niya;
Sa pagkalibing, Kanyang dinala sa malayong
dako yaring pagkakasala;
Sa pagbangon, nagawa nga Niyang ako'y
ariing ganap nang walang bayad kailanman,
Balang araw Siya nga ay darating—Oh, Araw
na walang kasing ningning!

¹⁴⁵ Sabi Niya, “Sapagkat Ako'y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo. Sinasampalatayanan mo бага ito?” Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sinasampalatayanan mo бага ito? Sinasampalatayanan kong narito ngayon ang Espiritu Santo. Sinasampalatayanan mo бага ito? Sinasampalatayanan kong pupunuin Niya tayo ng Kanyang Presensya. Sinasampalatayanan mo бага ito? Sinasampalatayanan kong ibig ng Espiritu Santo na ibuhos sa atin nang husto ang Kanyang Presensya, pagalingin ang lahat ng maysakit, papangyarihing ang lahat ng mga taong wala pang Espiritu Santo'y mapuno sila. Sinasampalatayanan mo бага ito? Sumasampalataya ba kayo nang buong puso n'yo? Tumayo po tayo at bigyan Siya ng papuri. Sinasampalatayanan kong Siya'y bababa ngayon sa atin sa mga oras na ito.

¹⁴⁶ Oh Panginoong Diyos, Maylikha ng kalangitan at ng lupa, May-akda ng Buhay na Walang Hanggan, Maybigay ng bawat mabuting kaloob, aming “Sinasampalatayanan mo бага ito,” Panginoon. Sumasampalataya kami na Ikaw nga'y narito sa pagtitipon. Sumasampalataya kami na Ikaw 'yan na nagpapala sa aming mga kaluluwa ngayon. Sumasampalataya kami na Ikaw 'yan na sadyang nagbubuhos ng Iyong Espiritu sa amin. Sumasampalataya kami na Ika'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sumasampalataya kami na Ika'y nabubuhay magpakailan-kailanpaman at ang aming mga pangalan ay nakasulat sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Ang lahat ng langit at lupa ay lilipas, subalit kami'y mabubuhay magpakailanman, sapagkat nabubuhay Ka magpakailanman. Panginoon, Iyong ipinangako sa amin ito. Sinasampalatayanan namin ito nang buo naming puso. Buong-buo, naming sinasampalatayanan ito, Panginoon. Minamahal ko Siya, minamahal ko Siya.

¹⁴⁷ Sinasampalatayanan n'yo ba Siya? Sinasampalatayanan kong ang Espiritu Santo ito. Itong lumulukob sa atin ngayon. Sinasampalatayanan mo бага ito? Sinasampalatayanan kong ibig talaga Niyang pagalingin ang bawat isang narito sa mga sandaling ito ngayon. Sinasampalatayanan mo бага ito? Itaas n'yo ang inyong mga kamay sa Kanya. Tumayo kayo sa inyong paa. Sinasampalatayanan mo бага ito? Narito ang Espiritu

Santo. Ito'y Yaon! Sabi ni Pedro, "Ito'y Yaon." Ito na nga Ito, ang Espiritu Santo.

¹⁴⁸ Oh Panginoon, Maylikha ng langit at lupa, Iyong ipadala ang Iyong kapangyarihan, at Iyong mga pagpapala, at Iyong kabutihan sa mga taong narito ngayon, at Iyo pong pagpalain ang kanilang mga puso, at Iyong ipangyari sa kanila na makita nila na ang Anak ng tao'y buhay magpakailan-kailanpaman. Iyo pong ipagkaloob ito, Oh Panginoon. Inihaharap namin sila sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos.

¹⁴⁹ Sinuman diyan na wala pa sa kanya ang Espiritu Santo, itaas n'yo lang po ang inyong mga kamay at purihin ang Diyos. Sumasampalataya ako na lulukob Siya sa inyo. Sige po sa mga nariyan ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa kanila. Ito na ang oras. Bakit pa tayo magpapahapay-hapay? Ito na ang oras. Ito na ang oras ng Pentecostes, ang pagbabalik-loob sa Diyos. Sikapin n'yong umayon kayo sa Diyos, Pentecostes! Sikapin n'yong ang mga puso ninyo'y pakilusun ng kapangyarihan ng buhay na Diyos. Hayaan n'yong lumukob sa inyo ang Kanyang Espiritu, ibabad ang inyong mga kaluluwa. Narito po Siya sa tuwina gabi-gabi, narito upang pagalingin ang mga maysakit, magbigay ng paningin sa mga bulag, sa pamamagitan ng dakila at kahanga-hangang kapangyarihan na Kanyang pinagtibay Mismo na sa alinmang panahon ay di nagbabago. Hallelujah!

¹⁵⁰ Purihin n'yo Siya. Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Iwaglit n'yo muna sa isip ang kinalalagyan n'yo; isipin n'yo na kayo'y nasa Kanyang piling, at ang Kanyang kabutihan, at Kanyang kaluwalhatian, at Kanyang kapangyarihan, at Kanyang kagandahang-loob ay mananatili magpakailanman. Siya'y di nagbabago magpakailanman. Purihin ang Pangalan ng Panginoon. Hallelujah! Oh, purihin ang Kanyang Banal na Pangalan.

¹⁵¹ Oh, lubos na kahanga-hanga, lubos na makapangyarihan Siya. Ilan dito ang nagnanais na ilaan ang kanilang buhay sa Diyos sa mga sandaling ito, muli? Itaas n'yo po ang inyong kamay. Ilan dito ang nagnanais na ilaan ang kanilang buhay sa Diyos? Sige po. Itaas n'yo ang inyong kamay. Tunghayan natin ang Pentecostes. Tunghayan natin ang bayan ng Diyos. Akin ngang itinataas ang kamay ko. "Panginoon, narito ako. Suguin Mo ako." Ikaw nga'y magpadala ng Anghel na may dalang mga baga mula sa dambana at ipadala sa amin ang kapangyarihan, Panginoon. Diyos, Iyo pong ipagkaloob ito sa kapunuan ng Iyong Espiritu, Oh Ama. Iyong dinggin ang aming panalangin, Oh Panginoon. Iyong dinggin ang aming panalangin, bilang mga sumasampalatayang anak na naninindigan. Purihin ang Kanyang Pangalan.

¹⁵² Oh, gaya ng mga alon ng kaluwalhatian na bumubuhos, oh, patak ng hamog ng habag. Oh, purihin ang Diyos. Nawa'y

ang aming mga kaluluwa'y umantabay. Sinasampalatayanan mo baga ito? Sinasampalatayanan mo baga ito? Ito yaong Espiritu Santo na dumarating. Ito yaong di nakikitang puwersa na pinipihit tayo roon sa Kaharian ng Diyos, sa mga pagpapala ng Pentecostes. Magsibalik na kayo sa tahanan. Hinihintay na ang pagbabalik n'yo sa tahanan. Kayo'y mamahaling mga tao. Ibig ng Diyos na kayo mismo'y mailaan. Kababaihan, linisin n'yo ang inyong mga sarili. Kalalakihan, linisin n'yo ang inyong mga sarili. Tayo'y magsimula nang magbalik-loob sa Diyos at paglingkuran ang Diyos nang may tunay na malinis na puso.

¹⁵³ Purihin ang Diyos, kumikilos na rito ang Espiritu Santo sa pagtitipon. Gawin n'yo ang nararamdaman n'yong pangunguna sa inyo. Hayaan n'yong kumilos sa inyo ang Espiritu Santo. Wala na akong ibang masasabi pa. Di ko na alam kung ano pang puwede kong sabihin. Ang Espiritu Santo'y nakapalibot na sa buong gusali. Purihin ang Pangalan ng Panginoon. Purihin ang Panginoon. Oh, Hallelujah! Hallelujah! Purihin nga ang Panginoon. Purihin ang Panginoon. Grabeng kahanga-hanga nga, grabeng maluwalhati talaga. . . Grabeng kaaya-aya, grabeng kahanga-hanga ang papuri ng mga banal ng Diyos sa inyong harapan, sa Presensya ng Espiritu Santo na naritong kumikilos at nagpapakita ng Kanyang kaluwalhatian mula sa dakilang madla rito na nagkakaisang, nagpupuri sa Kanyang Pangalan.

¹⁵⁴ Bumaling kayo sa katabi at makipagkamay sa kanila ryan, sabihin, "Purihin ang Panginoon, kapatid na lalaki. Purihin ang Panginoon, kapatid na babae." Sige po gawin ho natin at hayaan nating ang Diyos ang mag-udyok sa atin. Purihin ang Panginoon. Sige po. Lahat po kayong Methodist, at Baptist, at Presbyterian, Pentecostal, at Seventh Day Adventist, at kung anumang po kayo, makipagkamay kayo sa isat' isa sa Presensya ng Panginoong Diyos. Sige lang po. Oh, Hallelujah! Hallelujah! Hallelujah! Oh, lubos akong nagagalak na isa ako sa kanila. Lubos nga akong nagagalak. Oh, tinitibag na ang mga pader, tinatapon ang karumihan. Luwalhati! Kalayaan sa Panginoon, na makapagpuri sa Kanyang banal na Pangalan. . . Purihin ang Pangalan ng Panginoon. Oh, Hallelujah! Purihin ang Diyos.

¹⁵⁵ Oh, gustung-gusto ko ngang makita ang ganyan: mga taong nakikipagkamay sa isa't isa at kay aaliwalas ng mga mukha. Kapangyarihan nga ito ng Diyos na nagsasabing, "Ito na nga 'yun. Ito na nga 'yun, mga anak tayo ng Diyos. Tayong lahat ay isang dakila't malaking iglesya, isang dakila't malaking tao kay Cristo Jesus, na Kanyang Nobya, ang Isang maluwalhati." Ang pagparito ng Panginoon ay malapit na. Ang Kanyang mga tao'y nagbubuklod-buklod na't nagmamahalan sa isa't isa. . . sa pag-ibig at sa kapangyarihan ng Kanyang Presensya. Oh, para ngang Langit na ito. Oh, napaka inam nito. Amen. Oh, lubos ngang nakaluluwalhati, lubos na kahanga-hanga: na sadyang

makasamba sa Panginoon sa Espiritu at sa kapangyarihan. Napakainam na sandali. Patapos pa lang. . . simula pa lang.

¹⁵⁶ Wala ngang. . . Sinasabi ko sa mga kapatid, “Mga kapatid, wala nga ritong katapusan.” Wala nga ritong. . . Di natin alam kung saan sisimulan, kaya wala itong katapusan. Sadyang—sadyang kahanga-hanga talaga. . . Ilan po rito ang talagang napakainam ng pakiramdam nila? Na bumabad sa Presensya ng Panginoon, oh, grabe, kahanga-hanga nga, ang Presensya ng Panginoon sa dakong ito.

¹⁵⁷ Ngayon, narito ngayon ang Presensya ng Panginoon upang pagalingin ang mga maysakit, pabutihin ang kalagayan ng mga tao. Sumampalataya lamang kayo sa Kanya. Sumasampalataya ba kayo sa Kanya? Kung makasasampalataya lamang tayo sa Kanya, lahat ng bagay ay posible. Sinasampalatayanan n’yo ba ’yan? Sumasampalataya ba kayo na ’yan nga ang Presensya ng Panginoon?


¹⁵⁸ Ngayon, habang kayo’y. . . Bigyan n’yo lang ako ng kahit kaunting sandali, kaunting sandali lang po, at pakinggan n’yo itong maigi. Hayaan n’yong patunayan ko sa inyo na ’yan nga ang Espiritu Santo na narito ngayon. Hayaan n’yong ipakita ko sa inyo na ang Espiritu Santo, ang Siya Mismong nagsasalita, ang Siya Mismong gumagawa nito, nang malaman n’yo. Ilan po rito ngayon, ang dumalo rito na may sakit? Patingin lang po ng inyong mga kamay. Yung may karamdaman po. . . May ilan. . .

¹⁵⁹ May isang lalaki na nakatayo roon. Sumasampalataya ka ba, ginoo? Hindi tayo nakapagbigay ng mga prayer card, pero sumasampalataya ka ba na kaya ng Diyos na pagalingin ka? Sumasampalataya ka ba na kaya Niyang ipaalam sa akin ang problema sa iyo? Ang tagiliran mo nga. Ooperahan ka sana. Siyanga. Ang pangalan mo’y G. Cartwright. Siyanga. Tama ba? Iwagayway mo ang kamay mo. Sige. Umuwi ka’t magaling ka na, di mo na kailangang problemahin pa. Sinasampalatayanan mo ba ito?

¹⁶⁰ Yang lalaki po riyan na may kargang sanggol sa kanyang bisig, sumasampalataya ka ba na lingkod ako ng Panginoon? Sumasampalataya ka ba na ang Espiritu Santo ito? Hindi kita kakilala, tama po ba? Hindi pa kita nakikita kahit kailan; di natin kilala ang isa’t isa. Sinasampalatayanan mo ba na kaya ng Espiritu Santo na ipaalam sa akin ang problema sa sanggol na ’yan? Pinapantal siya. Siyanga. Tama ba? Tootoo nga ’yan. Hindi ka taga-rito. Hindi. May pinoproblema ka sa iyong tiyan, nagdurusa ka rito, ikaw mismo. Tama, hindi ba? Taga-Kansas City ka. Sige. Umuwi ka roon, pinagaling ka na ni Jesus Cristo. Hallelujah! Sumampalataya ka. Sinasampalatayanan mo ba ito nang buong puso mo?

¹⁶¹ Narito ang Anghel ng Panginoon, sa ibabaw ng munting—munting maliit na babae rito, na may katandaan na, nakaupo sa

banda rito, pinahihirapan ng hernia. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos sa hernia na 'yan, kapatid? Ikaw nga, na may munting pulang bulaklak sa iyong sumbrero, itaas mo ang iyong kamay. Sige. Umuwi ka na sa tahanan n'yo at magaling ka na. Amen. Oh, ang Diyos ito; si Cristo po ito na Anak ng Diyos. Siya'y bumangon mula sa mga patay. Siya'y narito.

¹⁶² Ngayon, ipatong n'yo po ang inyong mga kamay sa isa't isa at dumulog tayo sa isang mainam na sandali ng panalangin, bawat isa sa inyo, habang tumatawag ako ng paparito. Halika po, kapatid na lalaki. Habang nakapatong ang mga kamay n'yo sa isa't isa na nagpapakita na ang Diyos ay talaga rin namang nagpapagaling, narito sa tabi ko ang isang kapatid na lalaki para mag-alay rin ng pananalangin. (Umpisahan mo na. Sige.) Purihin ang Panginoong Diyos. 

SINASAMPALATAYANAN MO BAGA ITO? TAG60-0402
(Believest Thou This?)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado, Abril 2, 1960, sa Municipal Auditorium sa Tulsa, Oklahoma, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org